## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Tumingin ka sa iyong paligid. Kahit saan ay mayroong mga halaman. Ano ang mangyayari sa buhay kung walang mga halaman? Ano ang tawag mo sa mga halamang nabubuhay sa lupa? Ano naman ang tawag sa mga halamang nabubuhay sa tubig at sa hangin? Gaano kahalaga ang mga halaman sa atin?

Matutuklasan mo ang mga sagot sa mga tanong na ito sa modyul na ito. Matututuhan mo kung saan nabubuhay ang mga halaman gayundin ang kahalagahan ng mga ito sa atin.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

Aralin 1—*Saan Nabubuhay ang mga Halaman?*

Aralin 2—*Mga Gamit ng mga Halaman*

Aralin 3—*Mga Karaniwang Halamang-Gamot*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag- aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- matukoy ang iba’t ibang uri ng mga halaman;
- mauri-uri ang mga halaman ayon sa kanilang tirahan;
- matalakay ang mga gamit at kahalagahan ng mga halaman sa tao; at
- makilala ang mga karaniwang halamang-gamot.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul na ito, sagutin ang sumusunod na mga tanong upang malaman kung ano na ang alam mo sa paksang tatalakayin. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang nabubuhay sa tubig?

   a. mangga  c. kangkong

   b. santan  d. orkidyas

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi halamang pampalamuti?

   a. orkidyas  c. ilang- ilang

   b. sibuyas  d. sampagita

3. Alin ang ginagamit sa paggawa ng garlan o kuwintas?

   a. sampagita  c. santan

   b. kangkong  d. kamiya

4. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit sa paggawa ng bahay?

   a. gumamela  c. asusenang- tubig *(water lily)*

   b. nara  d. pinya

5. Ano ang sangkap ng mga ensaladang prutas?

   a. mansanas
   b. bawang
   c. ilang- ilang
   d. patatas

6. Alin ang mabuting gamot sa namamagang lalamunan?

   a. kamatis
   b. sibuyas
   c. bawang
   d. luya

7. Alin ang mabuting gamot sa ubo?

   a. luya
   b. *yerba buena*
   c. oregano
   d. bawang

8. Alin ang panlunas sa sakit ng ngipin?

   a. yerba buena
   b. gumamela
   c. bawang
   d. oregano

9. Alin sa mga sumusunod ang nabubuhay sa hangin o sa mga sanga ng puno?

   a. sibuyas
   b. orkidyas
   c. patatas
   d. santan

10. Alin sa mga sumusunod ang nabubuhay sa lupa?

a. lotus

b. kangkong

c. karot

d. orkidyas

Kumusta ang iyong pagsagot? Sa palagay mo kaya'y nasagot mo nang tama ang mga tanong? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 27 at 28.

Kung tamang lahat ang sagot mo, napakahusay! Ito'y nagpapakita na alam mo na ang karamihan sa mga paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang pagbalik-aralan ang mga nalalaman mo na. Tinitiyak nito na may iba ka pang bagay na matututuhan.

Kung mababa ang nakuha mong iskor, huwag kang malungkot. Nangangahulugan ito na ang modyul na ito ay inilaan para sa iyo. Matutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mong lahat ang kasagutan sa nakaraang pagsusulit at marami pang bagay! Handa ka na ba?

Maaari mo nang buklatin ang susunod na pahina sa pagsisimula ng Aralin 1.

# ARALIN 1

# Saan Nabubuhay ang mga Halaman?

Tumingin ka sa iyong paligid. Mayroon bang mga halaman sa iyong paligid? Mayroon bang mga halaman na tumutubo sa mga paso at sa mga bakuran? Saan ka pa makakikita ng halaman? Maaari mong makita ang mga halaman sa iba't ibang lugar. Sa araling ito, malalaman mo kung saan nabubuhay at tumutubo ang mga halaman. Malalaman mo rin ang iba't ibang pangkat o uri ng mga halaman ayon sa kung saan nabubuhay at tumutubo ang mga ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pagmasdan mo ang larawan sa ibaba. Maaari mo bang kilalanin ang ilan sa mga halaman? Ibigay ang kanilang mga pangalan.



1. ______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang mga halaman ay tumutubo sa iba't ibang lugar. Tumutubo ang mga ito sa lupa, sa tubig o sa hangin.

Ang mga *halamang-lupa* ay nabubuhay sa lupa. Ang mga halimbawa nito ay ang puno ng mangga, repolyo, at karot. Alin sa mga halaman sa larawan ang halamang-lupa? Isulat ang isang sagot sa mga patlang.

2. ________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Ang ibang mga halaman ay nabubuhay sa tubig. Ang mga ito ay ang tinatawag na mga halamang-tubig. Ang kangkong ay isang halimbawa nito. Maaari mo bang kilalanin ang mga halamang-tubig na nasa larawan? Isulat ang iyong sagot sa mga patlang.

3. ________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Ang mga halamang-hangin ay nabubuhay sa hangin. Ang orkidyas ay halamang-hangin sapagkat ito ay nabubuhay sa hangin. Madalas itong nakasabit sa mga puno. Maaari mo bang kilalanin ang mga halamang-hangin na nasa larawan? Isulat ang iyong sagot sa mga patlang.

4. ________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.



## Subukan Natin Ito

A. Alin sa mga halaman na nasa loob ng kahon ang magkakasama? Sipiin ang mga ito sa ilalim ng tamang uri na kanilang kinabibilangan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| asusenang-tubig | atis | kamatis | lotus |
| kangkong | luntiang-yerda | nara | orkidyas |

1. *Halamang-Lupa*
   a. ________________
   b. ________________
   c. ________________

2. *Halamang-Tubig*
   a. ________________
   b. ________________

3. *Halamang-Hangin*
   a. ________________
   b. ________________

B. Gumuhit ng halaman para sa bawat pangkat o uri ( lupa, tubig, at hangin). Sa itaas ay isulat ang tamang pangkat o uri. Sa ibaba naman ay isulat ang tamang pangalan (*Halimbawa:* kangkong, sampagita, atbp.)

________________________ ________________________ ________________________

1. ________________________ 2. ________________________ 3. ________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 28 at 29. Ipakita ang iyong iginuhit sa iyong *Instructional Manager* para sa kanyang mga komento.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natututuhan mo ang mga sumusunod:


- Ang halamang-lupa ay nabubuhay sa lupa.
- Ang halamang-tubig ay nabubuhay sa tubig.
- Ang halamang-hangin ay nabubuhay sa hangin.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Ibigay ang pangalan ng bawat halaman at isulat kung ito ay halamang-lupa, halamang-tubig o halamang-hangin. Isulat ang sagot sa patlang.



1. ____________________________
____________________________




2. ____________________________
____________________________



3. ____________________________
____________________________









4. ___________________________
___________________________

5. ___________________________
___________________________

6. ___________________________
___________________________







7. ___________________________
_____________________________

8. ___________________________
___________________________

9. ___________________________
___________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.

Kumusta ang iyong pagsagot? Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung oo, mahusay! Kung hindi naman, maaari mong hilingin sa iyong *Instructional Manager* na tulungan kang maintindihang mabuti ang aralin.


# ARALIN 2


# Mga Gamit ng mga Halaman

Kumakain ka ba ng mga gulay? Ano ang mga paborito mong gulay? Ang mga gulay na ito ay nagmumula sa mga halaman. Karamihan sa mga halaman ay ginagamit para sa pagkain. Bukod pa rito, ang mga halaman ay may iba pang mga gamit. Sa araling ito, malalaman mo ang tungkol sa iba't ibang gamit ng mga halaman. Matapos mapag- aralan ang araling ito, maaari mo nang matalakay ang kahalagahan ng mga halaman sa ating buhay.

## Basahin Natin Ito


Basahin ang sumusunod na mga komik istrip. Alamin ang mga gamit ng mga halaman.




Tingnan mo! Hindi ba't ang gaganda ng aking mga rosas? Sa palagay ko, pipitas din ako ng ilang mirasol.
Inay, para saan po ang mga bulaklak na iyan?



Para pasiglahin ang lola mo. Ang magagandang bulaklak ang laging nagpapaaliwalas ng kanyang araw!


Tingnan mo itong lamesang ginagawa ko. Ang nara ay ginagamit sa paggawa ng matibay na mga mesa.


Tama po kayo. Pero ang puno ng kamagong ay magandang gawing silya.


Napakainit! Kailangan kong magpahinga. Hindi na ako makalakad.


Hayun! May punong mangga roon!
Sa wakas! Makapagpapahinga na tayo sa lilim niyon kahit sandali.




## Pag-usapan Natin Ito

Anong mga gamit ng halaman ang isinasaad sa komik istrip? Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.

1. ______________________________________________________________________

2. ______________________________________________________________________

3. ______________________________________________________________________

4. ______________________________________________________________________


5. ______________________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 30 .



## Pag-usapan at Suriin Natin Ito

Maraming gamit ang mga halaman. Karamihan sa mga halaman ay ginagawang pagkain. Kailangan natin ang mga ito upang mabuhay at manatiling malusog. Ano ang kinain mo ngayon na mula sa halaman? Magbigay pa ng ibang halaman na maaaring pagmulan ng pagkain.



____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



Ang ibang mga halaman ay tumutulong na mapaganda ang ating kapaligiran. Ang mga ito ang tinatawag na *halamang pampalamuti.* Ang mga ito ay ginagamit na palamuti. Madalas nating ilagay ang mga halamang pampalamuti sa mga plorera. Itinatanim din natin ang mga ito sa mga paso at hardin. Ang ilan sa mga bulaklak nito ay ginagawang garlan o kuwintas. Magbigay pa ng ilang bulaklak na ginagawang garlan.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



Tingnan ang inyong mga mesa, silya at aparador. Karamihan sa inyong mga muwebles ay gawa sa kahoy. Ang mga matitibay na kahoy ay madalas manggaling sa punong gaya ng nara at kamagong. Ang malalaking puno ay mainam na gawing materyales sa paggawa ng gusali. Maraming tao ang gumagamit ng kahoy sa paggawa ng bahay. Magbigay pa ng ilang punong pinanggagalingan ng mga materyales sa paggawa ng gusali.


____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

Ang malalaking puno ay nagbibigay sa atin ng lilim. Ang punong akasya ay nagbibigay ng magandang lilim. Masayang maglaro sa ilalim ng malalaking puno. Nakalulugod at malamig sa ilalim ng mga ito. Ano pang ibang puno ang nagbibigay ng magandang lilim?




____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

Ang mga halaman ay ginagamit rin bilang gamot. Ang bawang ay mahusay na gamot sa sakit sa ngipin. Ang tubig na pinaglagaan ng dahon ng oregano ay gamot sa ubo. Sa susunod na aralin marami ka pang matututuhan tungkol sa mga halamang-gamot. Ano pang mga halaman ang ginagamit na gamot?



_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


Magbigay ng iba pang gamit ng mga halaman.

_______________________________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________________________

Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa kanyang mga komento.



## Subukan Natin Ito

Pangkatin ang sumusunod na mga halaman ayon sa mga gamit nito. Punan ang mga hanay sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| sampagita | akasya | bawang | mahogany |
| lentehas | buko | santan | luya |
| kamagong | okidyas | bigas | oregano |

*Pampalamuti*

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

*Ginagawang kasangkapan*

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

*Panggamot*

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

*Pagkain*

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 30.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na may maraming gamit ang mga halaman:

- Karamihan sa mga halaman ay ginagawang pagkain.
- Ang mga halamang pampalamuti gayundin ang mga bulaklak ay tumutulong sa pagpapaganda ng ating tahanan at kapaligiran.
- Ang mga kahoy na galing sa malalaking puno ay ginagamit sa paggawa ng mga gusali at kasangkapan.
- Ang malalaking puno ay nagbibigay ng lilim.
- May mga halaman na ginagawang gamot.

Matututuhan mo sa susunod na aralin ang mga karaniwang halaman na ginagamit bilang gamot.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan


Tingnan ang mga halaman sa larawan. Buuin ang diwa ng bawat pangungusap. Piliin ang angkop na salita sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| lagnat | ubo | halamang-tubig | pampalamuti | maganda |
| mataas | lilim | mangga | pagkain | inumin |

1. Ang mirasol ay halimbawa ng ________________.

   Ang mga ito ay ________________.





2. Ang tubig mula sa pinagkuluan ng mga dahon ng oregano ay makatutulong sa paggamot ng ________________.

3. Mahilig ako sa mga prutas. Ang mga ito ang paborito kong ________________.





4. Ang mga malalaking puno ay nagbibigay ng ___________. Gusto kong magpahinga sa ilalim ng ___________ na puno.

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 31.

Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung oo, napakahusay! Kung hindi naman, maaari mong hilingin sa iyong *Instructional Manager* na tulungan kang maintindihang mabuti ang araling tinalakay.

# Mga Karaniwang Halamang-Gamot


Sa nakaraang aralin, pinag-usapan natin ang tungkol sa mga gamit ng mga halaman. Natutuhan mo na may mga halaman na ginagawang gamot. Ang tawag sa mga ito ay mga halamang-gamot. Marami ka pang matututuhan sa araling ito tungkol sa mga karaniwang halamang-gamot. Malalaman mo rin kung anong mga sakit ang nagagamot ng mga halamang-gamot. Pagkatapos basahin ang araling ito, mas higit mong pahahalagahan ang mga halaman.

## Basahin Natin


Pag-aralan ang sumusunod na mga komik istrip. Nagsasaad ang mga ito ng iba't ibang kalagayang nagpapakita kung paanong ang mga halamang-gamot ay ginagamit na panlunas sa mga karaniwang karamdaman.







Anong problema, Paul?
Ayaw huminto ng ubo ko. Nananakit ang lalamunan ko.
Maglaga ka ng mga dahon ng oregano at inumin mo ang sabaw nito. Gamot iyon sa ubo.


Nahihirapan ka bang tumayo, Lola?
Oo! Mayroon akong rayuma. Ang mga kalamnan at kasu-kasuan ko ay nananakit. Pakihanap nga ako ng mga dahon ng yerba buena.
Para saan po, Lola?
Gagamitin ko upang maibsan ang pananakit ng mga paa ko.


Aray! Sumasakit ang ngipin ko!
Lagyan mo iyan ng bawang. Tiyak na maaalis ang sakit niyan.


Bakit mabilis ang tibok ng iyong puso?
Inaatake yata ako ng hika. Hindi ako makahinga.
Subukan mong maglaga ng mga dahon ng kalamansi at inumin mo ang tubig na pinaglagaan nito.



## Pag-isipan Natin Ito

Anong mga halamang-gamot ang binanggit sa komik istrip? Isulat sa kaliwang hanay ng tsart sa ibaba. Sa kanang hanay, isulat naman ang karamdamang nagagamot nito.

| *Halamang-Gamot* | |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 31.



## Subukan Natin Ito

May alam ka pa bang ibang halaman na maaaring gamitin bilang gamot? Gumawa ng listahan ng mga ito. Ilagay sa tapat nito ang mga sakit na nagagamot ng mga ito. Magtanong sa iyong mga magulang, kamag-anak o kapit-bahay tungkol sa mga halamang-gamot na alam nila. Ipakita ang iyong listahan sa iyong *Instructional Manager* para sa kanyang mga komento.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na:

- Ang mga halamang-gamot ay kapaki-pakinabang sa tao. Tumutulong ito sa paggamot ng mga karamdaman o sakit.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pagtambalin ang karamdaman sa angkop na halamang-gamot. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

| | *Karamdaman* | *Halamang-Gamot* |
|---|---|---|
| ______ | 1. Ubo | a. gumamela |
| ______ | 2. Hika | b. oregano |
| ______ | 3. Pigsa | c. kalamansi |
| ______ | 4. Rayuma | d. bawang |
| ______ | 5. Sakit ng ngipin | e. yerba buena |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 31–32.

Kumusta ang iyong pagsagot? Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung oo, napakahusay! Kung hindi naman, maaari mong hilingin sa iyong *Instructional Manager* na tulungan kang maintindihang mabuti ang araling ito.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, nalaman mo na ang mga halaman ay nabubuhay at tumutubo sa iba't ibang lugar. Inuuri rin ang mga ito ayon sa kung saan nabubuhay at tumutubo ang mga ito.

May tatlong uri ng mga halaman. Ito ay ang mga:

- Halamang-lupa—nabubuhay sa lupa.
- Halamang-hangin—nabubuhay sa hangin o sa mga sanga ng puno.
- Halamang-tubig—nabubuhay sa tubig.

Ang halaman ay mahalaga sa atin sapagkat maraming gamit ang mga ito:

- bilang pinagmumulan ng pagkain
- upang gawing mga palamuti na nagpapaganda sa ating tahanan at kapaligiran
- upang gamiting kahoy sa paggawa ng mga bahay o kasangkapan
- upang magbigay-lilim
- upang gamitin bilang gamot

Ang mga halaman na ginagamit na gamot ay tinatawag na mga halamang-gamot. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- oregano
- yerba buena
- kalamansi
- bawang
- gumamela at iba pa.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Punan ang bawat patlang. Piliin ang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bawang | muwebles | halamang-lupa | lilim | ubo |
| tubig | ornamental | gumamela | halamang-gamot | orkidyas |

1. Ang mga halamang nabubuhay sa lupa ay tinatawag na mga ________________.
2. Ang mga halamang-tubig ay nabubuhay sa ________________.
3. Ang ________________ ay isang halimbawa ng halamang-hangin.
4. Ang mga halamang tumutulong upang mapaganda ang ating tahanan at kapaligiran ay mga ________________ na halaman.
5. Ang nara at akasya ay ginagamit sa paggawa ng mga ________________.
6. Ang malalaking puno gaya ng mangga ay nagbibigay ng ________________ kung mainit ang araw.
7. Ang dinurog na dahon ng ________________ ay ginagamit na gamot sa pigsa.
8. Ang tubig na pinaglagaan ng dahon ng oregano ay magaling na gamot sa ________________.
9. Ang halamang ginagamit sa paggamot ng mga sakit at karamdaman ay tinatawag na mga ________________.
10. Ang halamang nakagagamot sa sakit ng ngipin ay ang ________________.

Nasagutan mo ba lahat ang tanong? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 32.

Kung ang iyong nakuhang iskor ay:

9– 10 Napakahusay! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang magtungo sa susunod na modyul.

7–8 Kailangan mong magbalik-aral sa mga bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan.

0–6 Kailangan mong pag-aralang muli ang modyul na ito.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2–4)*

1. **(c)** ang tamang sagot. Ang kangkong ang tanging halamang-tubig sa mga pagpipilian. Ang mangga at santan ay mga halamang-lupa. Ang orkidyas naman ay halamang-hangin.

2. **(b)** ang tamang sagot. Ang sibuyas ay hindi ginagamit na pampalamuti. Ang orkidyas, ilang-ilang at sampagita ay mga halamang pampalamuti.

3. **(a)** ang tamang sagot. Sa apat na bulaklak na nabanggit, ang bulaklak ng sampagita ang madalas na gawing garlan o kuwintas.

4. **(b)** ang tamang sagot. Ang nara ang natatanging puno sa apat na pagpipilian. Kaya ito lamang ang puwedeng gamitin sa paggawa ng gusali.

5. **(a)** ang tamang sagot. Ang mansanas ay madalas ihalo sa ensaladang prutas. Ang bawang, ilang- ilang at patatas ay hindi mga prutas. Hindi inihahalo ang mga ito sa ensaladang prutas.

6. **(d)** ang tamang sagot. Ang luya ay ginagamit na pampaginhawa sa namamagang lalamunan. Ang kamatis at sibuyas ay hindi kilala na ginagawang gamot. Ang bawang ay ginagamit na gamot sa sakit ng ngipin.

7. **(c)** ang tamang sagot. Ang tubig na ginamit sa paglalaga ng dahon ng oregano ay gamot sa ubo. Ang luya ay ginagamit sa masakit na lalamunan. Ang dinurog na dahon ng yerba buena ay ginagamit na pang-alis ng sakit na rayuma. Ang bawang ay gamot sa sakit ng ngipin.

8. **(c)** ang tamang sagot. Ang bawang ay gamot sa sakit ng ngipin. Ang yerba buena ay gamot sa sakit na rayuma. Ang bulaklak ng gumamela ay gamot sa pigsa. Ang tubig na pinagpakuluan ng dahon ng oregano ay ginagamit na gamot sa ubo.

9. **(b)** ang tamang sagot. Ang orkidyas ay ang natatanging halamang hangin sa mga pagpipilian. Ang sibuyas, patatas, at santan ay mga halamang-lupa.

10. **(c)** ang tamang sagot. Ang karot ay halamang-lupa. Ang lotus at kangkong ay mga halamang-tubig. Ang orkidyas ay halamang-hangin.

## B. Aralin 1

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 5–6)*

1. Puno (punong akasya, punong mangga), pulumpon ng rosas, damo, asusenang-tubig, orkidyas, baging, luntiang yedra
2. puno (punong akasya, punong mangga), pulumpon ng rosas, damo
3. asusenang- tubig
4. orkidyas, baging, luntiang-yerda

*Subukan Natin Ito (pahina 7)*

A. 1. Halamang-Lupa

   a. atis

   b. kamatis

   c. nara

2. Halamang-Tubig

   a. asusenang-tubig

   b. lotus

3. Halamang-Hangin

   a. luntiang yerda

   b. orkidyas

B. (Maaaring iba-iba ang mga iginuhit ng mga mag-aaral.)

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 8–9)*

1. kawayan
   halamang-lupa

2. kangkong
   halamang-tubig

3. luntiang yerda
   halamang-hangin

4. asusenang-tubig
   halamang-tubig

5. lotus
   halamang-tubig

6. pulumpon ng rosas
   halamang-lupa

7. orkidyas
   halamang-hangin

8. papaya
   halamang-lupa

9. mirasol
   halamang-lupa

## C. Aralin 2

*Pag- usapan Natin Ito (pahina 12)*

1. Ang halaman ay ginagawang pagkain.
2. Ito ay nagpapaganda sa ating kapaligiran.
3. Ito ay ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, gaya ng mesa at upuan.
4. Ito ay nagbibigay ng lilim.
5. Ito ay ginagamit na makina.

*Subukan Natin Ito (pahina 16)*

*Pampalamuti*

1. sampagita
2. santan
3. orkidyas

*Ginagawang kasangkapan*

1. Akasya
2. Kamagong
3. Nara

*Panggamot*

1. bawang
2. luya
3. oregano

*Pagkain*

1. lentehas
2. buko
3. bigas

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 18–19)*

1. halamang-tubig
   pampalamuti
2. ubo
3. pagkain
4. lilim
   mataas

## D. Aralin 3

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 22)*

| Halamang Gamot | Karamdaman |
|---|---|
| 1. bulaklak ng gumamela | pigsa |
| 2. mga dahon ng sambong | lagnat |
| 3. mga dahon ng oregano | ubo |
| 4. mga dahon ng yerba buena | rayuma |
| 5. bawang | sakit ng ngipin |
| 6. mga dahon ng kalamansi | hika |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 23)*

__**(b)**___ 1. Ang tubig na pinaglagaan ng mga dahon ng oregano ay maaaring gamiting gamot sa ubo.

__**(c)**___ 2. Ilaga ang mga dahon ng kalamansi, pagkatapos ay inumin ang tubig na pinaglagaan para maibsan ang hika.

__**(a)**__ 3. Ang dinurog na bulaklak ng gumamela ay tumutulong upang gamutin ang pigsa.

__**(e)**__ 4. Ang mga dahon ng yerba buena ay magagamit para maibsan ang sakit na dulot ng rayuma.

__**(d)**__ 5. Ang bawang ay tumutulong upang gamutin ang sakit ng ngipin.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 25)*

1. halamang-lupa
2. tubig
3. orkidyas
4. ornamental
5. muwebles
6. lilim
7. gumamela
8. ubo
9. halamang-gamot
10. bawang




## Talahuluganan

**Halamang-gamot** Mga halamang ginagamit/ginagawang gamot.

**Halamang-hangin** Mga halamang nabubuhay sa hangin o sa mga sanga ng puno at ginagamit na palamuti

**Halamang-lupa** Mga halamang nabubuhay sa lupa.

**Halamang-tubig** Mga halamang nabubuhay sa tubig.



## Mga Sanggunian


Lourdes, Lozano F., *et al. Science for Young Minds (Grade Five)*. Metro Manila, Philippines: Diwa Scholastic Press Inc., 1996.

*Gabay sa Paggamit ng 10 Halamang Gamot.* Metro Manila, Philippines: Department of Health, 1992.